# Pagtataya ng Kasanayan sa Pagsasalita at Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Junior High School:Batayan sa Pagbuo ng Mapa ng Pag-unlad ng Pagkatuto

## *(Assessment of Speaking and Writing Skills of Junior High School Students: Basis for Developing A Map of Learning Progression)*

**Helen E. Tolete**
Associate Professor 3
Sacred Heart College of Lucena City, Inc.-
Quezon, Philippines
ellensisters@gmail.com

**Nina Christina L. Zamora**
Full Professor IV
Philippine Normal University
Manila, Philippines
zamora.ncl@pnu,edu.ph

*Abstract*— **The general objective of this study is to create a learning progression map to enhance students` proficiency in speaking and writing skills of junior high school of selected private and public schools in Lucena City. It specifically aims to attain the following: Identify the competencies of speaking and writing skills presented in the Filipino curriculum guides; Assess the students` skills in speaking and writing using the communicative competence parameter and; Develop a learning progression map for speaking and writing skills in Filipino. The researchers used descriptive developmental design in this study. Interview, observation and test administrations were employed to know the level of students` skills in speaking and writing. The study found out that the skills presented in the curriculum guide have an unsatisfactory level to enhance the communicative competence of the students. It was also found out that students have poor communicative competence and there is a need to enhance students' skills in speaking and writing. With this, a learning progression map will be of great need to help teachers enhance students' skills. Based on the result of the study, the researcher recommends the following: let the teachers focus more on developing the communicative competence of the students in secondary level and; use a learning progression map so teachers can automatically use the map in teaching.**

***Keywords—learning progression map, speaking, writing***

ABSTRAK

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na makabuo ng mapa ng pag-unlad sa pagkatuto upang maging gabay sa pagpapataas ng kasanayang pangwika sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral sa junior high school sa piling pribado at pampublikong paaralan sa lungsod ng Lucena. Tiyak na layunin nito na matamo ang sumusunod: Matukoy ang mga kasanayan sa pagsasalita at pagsulat sa kurikulum ng K-12; Mataya ang kasanayan sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral ayon sa parametro ng kakayahang komunikatibo at; Makabuo ng isang mungkahing mapa ng pag-unlad sa pagkatuto ng kasanayang pagsasalita at pagsulat sa Filipino. Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptibong debelopmental na paraan ng pananaliksik. Ang pangangalap ng datos ang isinagawa sa pamamagitan ng pagmamasid, pakikipanayam, pasalita at pasulat na pagsusulit. Napatunayan sa pag-aaral na hindi gaanong sapat ang mga inilaang kasanayani ng kurikulum na K-12 upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral. Mayroong pangangailangan na /paunlarin ang mga kasanayan sa pagsasalita at pagsulat upang maging mabisa ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Nabuo ng mga mananaliksik ang isang mapa ng pag-unlad ng pagkatuto sa kasanayan sa pagsasalita at pagsulat na makatutulong upang mapaunlad ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Nirerekomenda ng mga mananaliksik ang na magkaroon nang higit na pokus sa pagtuturo at paglinang ng mga kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa sekondarya at magamit ang mapa sa pagtukoy ng pag-unlad ng mga kasanayan sa pagsasalita at pagsulat.

**MGA SUSING SALITA:** mapa, pagsasalita. pagsulat, pag-unlad ng pagkatuto

## INTRODUCTION

Pangunahing layunin ng kurikulum sa Filipino na makalinang ng isang buo at ganap na Pilipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Sa pagtatamo nito, kailangang, malinang ang limang makrong kasanayan at mahasa ang kakayahang komunikatibo kasama rito ang replektibo/ mapanuring pag-iisip,

pagpapahalagang pampanitikan sa mga mag-aaral. Ang mga nasabing kasanayan ay malilinang sa tulong ng iba't ibang babasahin at paggamit ng teknolohiya. Ang pagiging matatag ng kanilang pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig ay isa rin sa mga layon ng kurikulum. (Gabay Pangkurikulum sa Filipino, May, 2016). Masasalamin sa pahayag na ito ang pinakamahalagang tungkulin ng pagkakaroon ng kasanayang pangwika ng mga mag-aaral upang matamo ang pagkatuto sa Filipino.

Ang mga layuning nabanggit ang humimok sa mga mananaliksik na suriin ang ang kasanayang pangwika partikular ang pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral mula sa Baitang 7 hanggang Baitang 10. Inalam ng mga mananaliksik kung ano ang mga kasanayang dapat matamo ng mga mag-aaral at kung ito ba ay umuunlad pagdating sa mga kasunod na baitang. Isa sa mga kailangan upang matiyak na may pag-unlad ang mga mag-aaral ay ang pagkakaroon ng mapa ng pag-unlad ng pagkatuto (learning progression map). Dito makikita ang transisyon o tiyak na pag-unlad sa pagkatuto ng mga mag-aaral mula sa isang baitang patungo sa kasunod na baitang. Marami nang ginawang paraan ang Kagawaran ng Edukasyon o DepEd para malinang ang mga kasanayan ng mga mag-aaral. Ilan sa mga ginawang paraan ng kagawaran ay ang pagbuo ng kagamitang panturo, lokalisasyon, kontektuwalisasyon at iba pa ngunit wala pang nabuong mapa ng pag-unlad ng pagkatuto na nakatutok sa transisyon o pag-unlad ng mga kasanayan sa bawat baitang. Kung kaya, nananalig ang mga mananaliksik na sa pagsasakatuparan nito ang mapa ng pag-unlad ng pagkatuto ay magbibigay ng malaking tulong o ambag para sa pagpapabuti ng pagtuturo/pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at magiging panukatan ng mga guro sa progresibong nagaganap sa kanilang mag-aaral.

Naging batayan ng pag-aaral ang tinuran nina Canale (1980, 1983) at Swain (1980) hinggil sa aspekto ng kakayahang pangkomunikatibo, gayundin ang kay Bachman sa kanyang terminong communicative language ability at ang kay Hsu (2011) na nagglahad ng mga katangian ng kasanayang komunikatibo. Ang mga talang nabanggit ay ginamit ng mga mananaliksik upang maging tuntungan sa pagbuo ng mapa ng pag-unlad sa pagkatuto na taglay ang apat na aspekto ng kakayahang komunikatibo na nais malinang sa asignaturang Filipino. Hindi lamanag kahusayan sa estruktura ng wika ang minapa ng mga mananaliksik kundi ang apat na aspekto na makatutulong sa mga mag-aaral upang matiyak ang kanyang progreso sa pagkatuto ng wika na tuon ay pakikipagtalastasan. Gayundin ito ay malaking ambag sa mga guro ng wika upang matiyak na ang pagdulog ng kanilang paglelente sa kasanayang taglay ng mga mag-aaral ay hango sa komunikatibong kasanayan.

Isa ang Australian Council of Educational Research noong 1996 ang lumikha ng mapa ng pag-unlad (Progression Map). Layunin nitong malaman ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral upang maging batayan ng pagsubaybay sa pag-unlad. Nagsisimula ang pagbuo ng mapa mula sa pag-unawa ng guro sa pang-araw-araw na karanasan kung paano natututo ang mga mag-aaral isang tiyak na asignatura at ano ang mga patunay ng pagkatutong ito.

Inilalarawan nina Masters at Forster (1997) ang mapa ng pag-unlad bilang isang mapa na naghahayag ng mga kasanayan sa pag-unawa at kaalaman sa pagsusunod-sunod kung paano nalilinang ito, isa itong larawan kung alin ang may pangangailangang baguhin/paunlarin sa aspekto ng pagkatuto (Heritage, 1-2). Dagdag pa rito, inilalarawan ng mapa ang pag-unlad ng bawat erya ng pagkatuto at nagsisilbi itong reperensya sa pagmomonitor ng indibidwal na pag-unlad. May kinalaman sa paglalarawan at pagpapahayag ng mga lilinanging kompentensi ang pinakamahalagang katangian ng mapa ng pag-unlad. Ang unang hakbang sa pagbuo ng mapa ng pag-unlad ay ang pagtiyak sa mga uri ng kasanayan, kaalaman at pag-unawa na bumubuo sa domeyn ng pagkatuto at naglalatag ng mga basehang kaalaman at pananaliksik. Kung nabuo na ang mapa, kailangan itong matasa mula sa natamo ng mga mag-aaral. Ang proseso ng pagtatasa ay karaniwang maglulundo sa pagrerebisa ng binuong mapa. Ang pagmamasid sa pagganap ng mga mag-aaral ay nagbibigay ng pagkakataon na mapabuti ang deskripsyon ng pag-unlad sa bawat erya ng pagkatuto (Masters et al.- 1).

Nagbigay din ng ilang katangian ng pag-unlad ng pagkatuto sina Shavelson at Kurpius (2012) na binanggit nina Kobrin et al. (59-61) sa kanilang pag-aaral. Ito ang sumusunod: ang nosyon na debelopmental ang pagkatuto na nangyayari sa mahabang panahon; ang kahalagahan ng instruksyon sa pagtaas ng mga mag-aaral sa pagitan ng kontinum ng pagkatuto at pag-unawa mula sa payak patungong komplikado at; nangangailangan ng pananaliksik at balidasyong empirikal upang maitatag ang pinagbuting pag-unlad ng pagkatuto. Mayroong gamit ang pag-unlad na pagkatuto: para sa pagdebelop ng mga pamantayan; mabigyang gabay ang pagdebelop ng kurikulum; makabuo ng pagtatayang may malawak na sakop (*large-scale);* tulungan ang guro sa pagsasagawa ng pagtataya at; masuportahan ang guro sa kanilang propesyonal na pag-unlad.

Ang spiral progression na sistema sa mga aralin sa Filipino ay isinaalang-alang upang matiyak ang masteri ng pagkatuto. Layunin nitong malinang ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral mula sa mga batayang konsepto patungo sa komplikadong konsepto. Layunin nitong patibayin ang retensiyon at masteri ng kasanayan upang mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na matutuhan ang mga kasanayan sa panahon na nalinang na ang kanilang kognitibong pag-unawa (Egot,3-4). Kaugnay nito, matutunghayan din sa K-12 na kurikulum na inisa-isa ang mga pamantayan (standard) sa bawat baitang at mga kompetensi na tiyak na lilinangin sa bawat markahan.

Gayunpaman, hindi pa rin malinaw kung ganap na nalinang ang pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa kurikulum. Nabanggit ito sa pag-aaral ni Combalicer (7) natuklasan na bahagya pa ang kahandaang kognitibo at emosyonal ng mga mag-aaral sa hinihingi na mas mataas na pag-aaral (kolehiyo), pagtatrabaho at pagnenegosyo. Sa sitwasyong ito, tiyak na hindi magiging maganda ang bunga nito sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, sa mga nabanggit na problemang kinakaharap ng mga guro sa implementasyon ng K-12, pumapangalawa sa nararanasang problema ng guro ang kawalan ng kahandaan ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Magiging patunay rito ang natuklasan sa isinagawang pag-aaral ni Habijan (22-25) sa sangay ng Edukasyon sa Calamba, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon (CALABARZON). Natuklasan dito na hindi nalinang ang mga itinakdang kompetensi sa kurikulum, mayroong mababang masteri ang mga mag-aaral at may mga guro na nahihirapan na ituro ang nilalaman, pamantayan at kompetensi. Bukod dito, pinatunayan pa ni Joson (2017) na limampung bahagdan lamang ng mga mag-aaral sa pampublikong sekondarya ang may masteri sa mga kompentensing nasa kurikulum. Kabilang sa may mababang pagganap o walang masteri sa mga kompetensi ang natitirang kalahating bahagdan ng mga mag-aaral. Idagdag pa rito na hindi nakatapos ng sekondarya ang ilan sa kanila.

Isang mahalagang aspekto ng literasi ang kasanayan sa komunikasyon na binubuo ng kakayahang makinig, magsalita, magsulat, magbasa at manood. Susi sa pagkatuto ng alinmang larangan ang mga kasanayang ito upang makasabay sa mabilis na pagbabago ng daigdig. Hindi lamang ang mga bagong kaalaman sa iba`t ibang disiplina ang mahalagang maunawaan ng mga mag-aaral kundi dapat matutuhan din kung paano makikipagtalastasan nang may wastong gamit ng wika. Limitado lamang ang bilang ng mga mag-aaral na may sapat na taglay na kakayahan upang maisakatuparan ang pagtatamo nito. Isa itong malaking hamon para sa mga mag-aaral gayundin sa mga guro. (Mangahis 2)

Sa isinagawang pag-aaral ni Heritage (2010), binigyang diin niya ang kahalagahan ng kalinawan ng hanay ng mga layuning pampagkatuto sa Matematika. Naisa-isa ng mga guro ang mga mahahalagang konsepto na pinagbatayan ng pagtatasa at natukoy rin nila ang mga konsepto na hindi naunawaan ng mga mag-aaral. Gayunpaman, hindi alam ng mga guro kung ano ang kasunod na gagawin matapos malaman ang natuklasan at kung paano ito sasabihin sa mga mag-aaral. Dito, pumapasok ang kahalagahan ng pag-unlad ng pagkatuto (learning progression), na nagsisilbing solusyon para sa problemang kinakaharap ng mga guro. Isa ito sa naging prayoridad ng National Council of Teachers of Mathematics o NCTM Focal Points (NCTM, 2007). Tumutukoy ito sa paglalarawan ng mga mahahalagang konseptong matematikal na dapat matutunan sa bawat baitang. Sa paggamit ng mga konseptong ito, makakapagdesisyon na ang mga guro kung anong konseptong Matematikal ang dapat niyang ituro sa mga mag-aaral na dumaranas ng kahirapan sa Matematika. Gayunpaman, upang lubos na maging kapaki-pakinabang ito sa pagtuturo at pormatibong pagtatasa, kinakailangan munang himayin ang mga konseptong ito upang higit na maging detalyado at makita ang ugnayan nito sa isa`t isa.

Sa pag-aaral ni Hess (2010) kaugnay sa mapa ng pag-unlad, *“Learning Progression Frameworks Designed for Use with The Common Core State Standards in Mathematics K-12.”* inilahad niya ang isang ginawa. Layunin nito na masuri ang paggamit ng progress map sa Language Arts at Mathematics (K-12) sa Hawaii. Natuklasan sa proyektong ito ang mga sumusunod: Una, mula sa ginamit na mapa ng pag-unlad sa pagpaplano ng pagtataya at pagtuturo upang masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral, higit na dumami/lumawak ang gamit ng pormatibong estratehiya at kagamitan; Ikalawa, naglaan ng malinaw na pag-unawa ang mapa ng pag-unlad sa kung ano ang magiging kalalabasan ng pag-unlad ng bawat baitang kung kaya, gumamit ang mga guro ng iba't ibang estratehiya at kagamitan sa pagtuturo upang mabantayan ang pag-unlad; Ikatlo, sa ginawang pagtatanong sa mga guro kung ano ang nabago sa dating kinagawaing pagtuturo, karamihan sa kanila ay nagsabi na mayroon silang bagong pananaw sa pagbuo at paggamit ng mga pagtatasa lalo na paunang pagtatasa; Ikaapat, isa pa sa naging obserbasyon ng guro na higit na naging klaro at may pokus ang kanilang pagtatasa, kung kaya, nagsilbing gabay sa pagtuturo ang mga datos mula rito; Ikalima, higit sa lahat, binanggit ng mga guro na dahil sa mapa ng pag-unlad, nagkaroon sila ng malawak na pagtingin sa kung ano ang ituturo sa mga mag-aaral na mahihina at malaman ang katayuan ng iba pang mag-aaral sa mapa ng pag-unlad; Ikaanim, sa pag-unlad ng pagkatuto, hinahayaan nito ang mga guro na malaman ang pagkatuto ng kanilang mga mag-aaral hindi lamang sa kasalukuyang kalagayan o layunin nito kundi bagkus inaalam ang ugnayan ng nakalipas na pagkatuto tungo sa susunod pa. Dagdag pa rito, kailangan ng guro na muling pag-aralan o balikan ang kontinum ng mga konsepto kung sakaling mayroong kulang o nawawala. Bunga nito, magkakaroon ng angkop na pagtatapat sa pagitan ng pagtuturo at pangangailangan ng mga mag-aaral.

## RESEARCH OBJECTIVES

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na makabuo ng mapa ng pag-unlad sa pagkatuto upang maging gabay sa pagpapataas ng kasanayang pangwika sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral sa junior high school sa piling pribado at pampublikong paaralan sa lungsod ng Lucena.

Tiyak na layunin nito na matamo ang sumusunod:

A. *Matukoy ang mga kasanayan sa pagsasalita at pagsulat sa kurikulum ng K-12;*

B. *Mataya ang kasanayan sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral ayon sa parametro ng kakayahang komunikatibo at;*

C. *Makabuo ng isang mungkahing mapa ng pag-unlad sa pagkatuto ng kasanayang pagsasalita at pagsulat sa Filipino.*

## RESEARCH METHODOLOGY

### Disenyo ng Pag-aaral

Ginamit sa pananaliksik na ito ang deskriptibong debelopmental na disenyo ng pag-aaral. Inilarawan ang kasanayang pasalita at pasulat ng mga mag-aaral mula baitang 7-10 sa piling pribado at publikong paaralan sa Lungsod ng Lucena. Inilalarawan din sa pananaliksik ang pagsusuri ng kurikulum, ang pagdisenyo at pagbuo ng inaasahang bunga ng pananaliksik. Ayon kay Richey (4-5) kinasasangkutan ng paglalarawan ang paghahambing, pagsusuri at interpretasyon ng mga umiiral na datos. Gumamit ang mga mananaliksik pakikipanayam, pagmamasid sa klase at pagsasagawa ng pasalita at pasulat na pagsusulit.

### Mga Kalahok ng Pag-aaral

Kabilang sa kalahok ng pag-aaral ang iba't ibang seksyon ng mga mag-aaral. Sila ay naging kalahok sa pasalita at pasulat na pagsusulit, gayundin sa pakikipanayam Sa isinagawang pakikipanayam, mayroong kinatawang tig-sasampung mag-aaral sa bawat baitang mula Baitang 7-10 ng pribado at publikong paaralan. Ito ay pinili sa pamamagitan ng purposive sampling. Naging purposive ang pagpili ng kalahok dahil sa krayterya na dapat ang kalahok ay may katamtaman hanggang mahusay na pagganap pangklase sa Filipino at may boluntaryong pagpayag na maging bahagi ng pananaliksik dahil ang mga kalahok ay hiningan ng pahintulot sa tagapamanihala at punongguro ng paaralan. Sa tulong ng mga koordineytor ng asignaturang Filipino, natukoy ang mga kalahok ng pag-aaral. May kabuoang walumpu (80) ang bilang ng mga mag-aaral na sangkot sa pag-aaral na mula sa ekstensyong paaralan ito ng mananaliksik at pinili ang lunan batay sa pangalawa sa pinakamarami sa populasyon. Samantala, mayroong kabuuang labing-apat (14) na guro ang naging kalahok sa pag-aaral. Nagmula ang anim (6) na guro sa pribadong paaralan at walo (8) naman ang nanggaling sa publikong paaralan. Sa loob ng ng tatlong buwang pagmamasid, mayroong dalawampu't pitong (27) pangkat o seksyon ang namasid ng mananaliksik sa dalawang paaralang nabanggit. Sa bawat baitang, mayroong dalawa hanggang tatlong beses ang isinakatuparang pagmamasid ng mananaliksik.

### Instrumento ng Pananaliksik

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng sumusunod na instrumento: (1) Talaan ng mga Kompetensi sa Pagsasalita at Pagsulat batay sa Gabay na Kurikulum ng Filipino (2016) ang unang instrumentong ay isang tseklist upang tayain ng mga guro ang mga kompetensi na nakapaloob sa kurikulum ay natamo o hindi natamo sa mga mag-aaral. Gumamit din ng gabay na tanong upang makapanayam ang mga guro at mag-aaral na bahagi ng pag-aaral. bilang ikalawang instrumento ng mga mananaliksik.

Ang ikatlong instrumentong binuo ay tungkol sa pasalitang pagsusulit ng mga mag-aaral. Ang pasalitang pagsusulit ay binuo ng dalawang bahagi: 1. Pasalitang pagsusulit na nasa anyong maraming pagpipilian o *multiple choice.* Mula ito sa mga itinalang kompetensi na matatagpuan sa Talaan ng mga Kompetensi sa Pagsasalita. Naglaan ng tiglilimang aytem ng tanong para sa apat na aspekto ng kakayahang komunikatibo. Nilayon nitong mabalideyt ang naging kasagutan ng mga mag-aaral sa unang instrumentong kanilang sinagutan. 2. Pasalitang pagsusulit na nasa porma ng Tanong at Sagot. Ito ay isinagawa sa pamamagitan pagbibigay ng mananaliksik ng angkop na sitwasyon at hiningi at pinakinggan ang mga kasagutan ng mga mag-aaral.

Ikaapat na instrumento, ang pasulat na pagsusulit na binubuo ng dalawang uri: pasanaysay at ang obhektibong pagsusulit na nasa anyong maraming pagpipilian. Naghanda ng mga paksa o pamagat ang mananaliksik na lumilinang sa mga uri ng pagpapahayag: pagsasalaysay, paglalarawan, paglalahad at pangangatwiran. Gayundin, isinama rin ng mga mananaliksik ang mga sanaysay na ginawa ng mag-aaral sa loob ng klase. Ito ay tinaya gamit ang isang rubrik Samantala, ang maraming pagpipilian ay sumusukat sa kaalaman ng mga mag-aaral sa pangungusap, gamit ng pang-ugnay, wastong gamit ng salita, pagbabantas at iba pa na may kinalaman sa wika at mga batayang kaalaman sa panitikan. Samantala, ang obhektibong pangkasanayang pagsusulit ay binubuo ng mga kasanayang inilaan ng kurikulum na dapat malinang sa mga mag-aaral. Binubuo ito ng apatnapung aytem.

Upang matiyak ang kaangkupan ng nabuong mga instrumento, pinabalideyt ito sa tatlong espesyalista sa Filipino. Ang lahat ng balideytor ay nakatapos na ng pag-aaral sa Doktoradong antas at may kadalubhasaan sa Filipino Isinagawa ang pilot testing sa mga instrumentong ito sa dalawa pang pribado at publikong paaralan. Sinuri ang naging resulta ng pilot testing at saka isinapinal ang pagsusulit.

### Hakbang sa Pag-aaral

Sa proseso ng dokumentong pagsusuri (document analysis) ay ginamit ang Gabay na Kurikulum sa Filipino na mula sa Kagawaran ng Edukasyon (2016). Ang nasabing Gabay na Kurikulum sa Filipino ay maituturing na mahalagang dokumento na pinagkunan ng mga kompetensi ng mga mag-aaral upang masuri ang inaasahang pag-

unlad ng mga mag-aaral sa bawat baitang. Ito ay bukas na dokumento ng Kagawaran ng Edukasyon na ang mga guro ay hinahayaang maging sanggunian ito sa kanilang pagtuturo at pag-aaral.

Sa pagmamasid, isinagawa ito ng dalawa hanggang tatlong beses sa bawat seksyon Nilapatan naman ng balidasyon ang mga nabuong pasalita at pasulat na pagsusulit bago ito ipagawa sa mga mag-aaral. Samantala, nagsagawa rin ang mga mananaliksik ng panayam upang matiyak ang mga datos na nakuha mula sa pagmamasid at pagsusulit

## THE FORMULATION AND DISCUSSION

### Kasanayan sa Pagsasalita at Pagsulat

#### A. Pagsusuri ng Kasanayang Pagsasalita

Batay sa pagsusuri ng mga mananaliksik, natuklasan na (1) ang kasanayan ay maaaring nasa hanay ng pasalita o pasulat (2.) May mga kasanayang nasa anyong pagtatanghal (3) . May pangkalahatan ang pagkakabuo ng mga kasanayang ito bagamat higit ang kiling nito sa pagsasalita, hindi naman ito maisasakatuparan kung walang impluwensya ng pagsulat. Ito ang sumasalamin sa mga kasanayan na nakasaad sa Gabay na Kurikulum ng Filipino.

#### B. Pagsusuri ng Kasanayang Pagsulat

Sa pagsusuri ng kasanayang pagsulat sa Kurikulum ng 2016, nakapagtala ang mga mananaliksik ng mga kasanayang hindi lamang lumilinang sa pagsulat. Ilan sa mga ito ay may mga kasanayang maaaring luminang sa pagsasalita sapagkat hindi tiniyak na ito ay sa paraang pasulat, , may mga kasanayan, na nasa anyo ng pagtatanghal at may nakapokus sa pag-uulat at hindi sa pagsulat.

### Pagsusuri ng Kasanayang Pangwika ng mga Mag-aaral sa Pagsasalita at Pagsulat sa Parametro ng Kakayahang komunikatibo

Naging batayan ng mga mananaliksik sa pagtataya ng kasanayang pagsasalita at pagsulat ang apat na aspekto ng kakayahang komunikatibo mula kay Hsu (2011) na nabanggit sa pag-aaral ni Danao (25-28). Ang mga indikeytor ay ang sumusunod: 1) kakayahang panlinggwistik *(linguistic competence)* – binubuo ito ng aytem leksikal at mga tuntunin sa morpolohiya, sintaks, pangungusap-gramatika, semantika at ponolohiya; 2) kakayahang sosyolinggwistika *(sociolinguistic competence)* – binubuo ng dalawang panuntunan: tuntuning sosyokultural at tuntuning pandiskurso; 3) kakayahang istratedyik *(strategic competence)* – nakapaloob dito ang mga estratehiyang berbal at di-berbal na komunikasyon. Binubuo ito ng dalawang uri: estratehiyang may kaugnayan sa kakayahang gramatikal at may kaugnayan sa sosyolinggwistika. 4) kakayahang diskorsal *(discourse competence)*- tumutukoy ito kakayahang maiuugnay ang kaalaman sa mga pahayag na ginagamit upang makabuo ng makahulugang pagpapahayag. Kaalaman ito kung paano palalawakin ang paggamit ng wika batay sa konteksto.

Sinimulan ng mga mananaliksik ang pagtataya sa pagpapangkat ng mga kompetensi sa apat na aspekto ng kakayahang komunikatibo. Dito nakita at natuklasan ng mga mananaliksik ang sumusunod: paulit-ulit na paglinang sa isang kompetensi; ang komposisyon o pagkakabuo ng kompetensi ay pawang nakatuon sa kaalaman at hindi sa kakayahang komunikatibong; higit ang pagkiling sa porma ng wika (language form) at hindi sa gampanin ng wika (language function), may mga baitang na hindi nalilinang ang kasanayan sa pagsasalita at may ilang aspekto ng kakayahang komunikatibo ang hindi nalilinang. Ito ang dahilan kaya hindi lubusang nalilinang ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

#### A. Pagtataya ng Kasanayang Pagsasalita ng mga Mag-aaral

Sa pagtataya ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral, na mula sa pasalitang pagsusulit na ginamit ng mga mananaliksik, ito ang naging resulta ng pagtataya.

**Talahanayan1**

*Resulta ng Pasalitang Pagsusulit na nasa Maraming Pagpipilian sa Baitang 7-10*

| Baitang 7 | | | Baitang 8 | | | Baitang 9 | | | Baitang 10 | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Mag-aaral | Is-kor | Bahagdan (%) | Mag-aaral | Is-kor | Bahag Dan (%) | Mag-aaral | Is-kor | Bahag Dan (%) | Mag-aaral | Is-kor | Bahag Dan (%) |
| 1 | 9 | 64 | 1 | 15 | 84 | 1 | 9 | 64 | 1 | 7 | 56 |
| 2 | 8 | 61 | 2 | 12 | 74 | 2 | 14 | 81 | 2 | 7 | 56 |
| 3 | 8 | 61 | 3 | 13 | 75 | 3 | 12 | 74 | 3 | 7 | 56 |
| 4 | 6 | 55 | 4 | 12 | 74 | 4 | 13 | 75 | 4 | 8 | 61 |
| 5 | 7 | 56 | 5 | 13 | 75 | 5 | 6 | 55 | 5 | 8 | 61 |
| 6 | 10 | 65 | 6 | 8 | 61 | 6 | 13 | 75 | 6 | 8 | 61 |
| 7 | 7 | 56 | 7 | 11 | 71 | 7 | 9 | 64 | 7 | 7 | 56 |
| 8 | 9 | 64 | 8 | 12 | 74 | 8 | 13 | 75 | 8 | 8 | 61 |
| 9 | 8 | 61 | 9 | 11 | 71 | 9 | 10 | 68 | 9 | 9 | 64 |
| 10 | 8 | 61 | 10 | 13 | 75 | 10 | 12 | 74 | 10 | 7 | 56 |
| 11 | 7 | 56 | 11 | 13 | 75 | 11 | 13 | 75 | 11 | 10 | 68 |
| 12 | 10 | 65 | 12 | 12 | 74 | 12 | 12 | 74 | 12 | 9 | 64 |
| 13 | 7 | 56 | 13 | 13 | 75 | 13 | 14 | 81 | 13 | 8 | 61 |
| 14 | 6 | 55 | 14 | 13 | 75 | 14 | 9 | 64 | 14 | 7 | 56 |
| 15 | 8 | 61 | 15 | 11 | 71 | 15 | 12 | 74 | 15 | 8 | 61 |
| 16 | 8 | 61 | 16 | 13 | 75 | 16 | 12 | 74 | 16 | 8 | 61 |
| 17 | 9 | 64 | 17 | 11 | 71 | 17 | 10 | 68 | 17 | 8 | 61 |
| 18 | 9 | 64 | 18 | 11 | 71 | 18 | 13 | 75 | 18 | 9 | 64 |
| 19 | 8 | 61 | 19 | 11 | 71 | 19 | 9 | 64 | 19 | 7 | 56 |
| 20 | 8 | 61 | 20 | 12 | 74 | 20 | 12 | 74 | 20 | 7 | 56 |
| Kabuoan= 60.4% | | | Kabuoan= 73.7% | | | Kabuoan= 71.4% | | | Kabuoan= 59.8% | | |

Sa mga mag-aaral na kumuha ng pagsusulit sa Baitang 7, isang mag-aaral ang nakakuha ng sampung (10) puntos, na pinakamataas na iskor sa lahat nang kumuha at may katumbas na 65%. Mayroong limang mag-aaral na nakakuha ng iskor na siyam (9) na may katumbas na 64%, may walong mag-aaral na nakakuha ng iskor na walo (8) o 61% , may anim na mag-aaral na nakakuha ng iskor na pito (4) o 57% at may dalawang mag-aaral na nakakuha ng iskor na anim (6) o 55%. Sa kabuuan, ang Baitang 7 ay nakakuha ng 60.4%.

Pinakamataas na bahagdan naman ang nakuha ng Baitang 8. Ito ay nagtamo ng 73.7%. Higit na mataas ang natamong iskor ng mga mag-aaral. Mayroong isa na nakakuha ng iskor na 15 o may katumbas na 84%. Sinundan ito ng mga iskor na 13 (75%), 12 (74%), 11 (71%) at 10 (68%). Pinakamababang iskor ang walo na nakuha ng isang mag-aaral na may katumbas na 61%. May kabuoang 71.4% ang nakuhang bahagdan ng Baitang 9. Nakuha nito ang sumusunod na iskor: 14 (81%), 13 (75%), 12 (74%), 11 (71%), 10 (68%), 9 (64%) at 6 (55%). May pinakamababang iskor o bahagdan naman ang nakuha ng Baitang 10. Ito ay nagtamo ng 59.8%.

Ang resulta sa ginawang pagsusulit ng mga mag-aaral ay mababa at hindi umabot sa inaasahang 75% na marka. Hindi naging papataas ang iskor ng mga mag-aaral na siyang inaasahan sa kanila kasabay ng pagtaas ng kanilang baitang. Kagaya ng nabanggit, pinakamababa pa nga ang Baitang 10 sa kabuuang bahagdan na natamo. Nangangahulugan lamang na kulang pa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagtatamo ng kakayahang komunikatibo.

Ang ikalawang bahagi ng pasalitang pagsusulit ay hinalaw ng mananaliksik kay Underhill (44-54). Nabibilang dito ang mga tanong sa pansariling pagtataya ng mga mag-aaaral sa kakayahan nilang magsalita. Halos lahat ng mga mag-aaral sa Baitang 7-10 ay nagsasabi na hindi sila gaanong mahusay gumamit ng Filipino. Nagpahayag ang ilan na higit ang eksposyur nila sa Ingles gaya ng panonood ng telebisyon simula pagkabata kung kaya sa pagsasalita nila hindi maiwasan na gumamit ng Taglish. Hirap naman sa pag-unawa ng kahulugan ng mga malalalim na salita ang ibang mag-aaral na nagmula sa publikong paaralan. Samantala, nasanay naman ang mga mag-aaral na nasa pribadong paaralan na gamitin ang Ingles sapagkat sapilitan itong pinagagamit sa kanilang paaralan. May ilan ding mag-aaral na ang wikang ginagamit sa bahay ay Ingles.

Bukod sa hindi pamilyar na salita sa Filipino, hirap din ang mga mag-aaral sa parehong paaralan pagdating sa usaping tamang gamit ng wika sa pagpapahayag. Nagkakaisa ang mga mag-aaral na nagsabing *"wala silang sapat na kasanayan sa pagpapahayag sa Filipino"*. Nabanggit nila na *"nalilito sila sa paglalagay ng angkop na panlapi, batay na lamang sa tunog ang paraan ng paggamit. Kung maganda ang tunog, ito ang ginagamit." "Sanay silang gumamit ng mga impormal na salita kaysa sa pormal. Epekto raw ito ng teknolohiya at kapwa kabataan na ganito ang klase ng wikang ginagamit."* "*Nagkakaintindihan naman daw sila kaya okey lamang sa kanila ang wikang ginagamit."* Samantala, sa bahagi ng pagbigkas ng salita, kalimitang ang mag-aaral ay may paglambot o pagtigas ng pagbigkas ng salita. Hindi rin nila tinukoy ang dahilan bakit napapalambot o napapatigas ang kanilang pagsasalita. Nangyayari ang bagay na ito sapagkat walang pagsasanay silang ginagawa o madalang silang magbasa.

Ang huling pasalitang pagsusulit na ginamit ay ang tanong at sagot (aktuwal na pagsasalita) na ginamitan ng rubrik na hinalaw kay Underhill (98-99). Natuklasan sa pagsusulit na ito na ang mga mag-aaral mula sa Baitang 7-10 ay nabibilang sa antas 2 o ang lebel ng pagsasalita ay personal/limitadong pakikipag-usap sa iba. Makikita sa antas na ito ang sumusunod na kahinaan ng mag-aaral: (1) mali ang bigkas/intonasyon sa pagbigkas ng salita, (2) gumamit ng maling panlapi sa salita,(3) mali ang gamit ng salita, (4) napakalimitado ng talasalitaan, (5)hindi makabuo at makagamit ng payak na pangungusap at (6)may kaunting kaalaman sa simpleng pangungusap. Makikita ang resulta sa talahanayan bilang 2.

**Talahanayan 2**

*Resulta ng Pasalitang Pagsusulit mula sa Tanong at Sagot (Aktuwal na Pagsasalita) ng mga Mag-aaral sa Baitang 7-10*

| Mag-Aaral | Baitang 7 | | | | | Baitang 8 | | | | | Baitang 9 | | | | | Baitang 10 | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 | 1 | 2 | 3 | 4 | 5 |
| 1 | | / | | | | | | / | | | | | / | | | | / | | | |
| 2 | / | | | | | | / | | | | | | / | | | | | | / | |
| 3 | | | | / | | / | | | | | | | | / | | | / | | | |
| 4 | / | | | | | | / | | | | | / | | | | | / | | | |
| 5 | | | / | | | | | / | | | | / | | | | | / | | | |
| 6 | | | / | | | | / | | | | / | | | | | | | | / | |
| 7 | | / | | | | | | | / | | | / | | | | | / | | | |
| 8 | | / | | | | | | / | | | | / | | | | | | / | | |
| 9 | | / | | | | / | | | | | | / | | | | | / | | | |
| 10 | | / | | | | / | | | | | | | | / | | | / | | | |
| 11 | | / | | | | / | | | | | | | / | | | | / | | | |
| 12 | | | / | | | | / | | | | | / | | | | / | | | | |
| 13 | | / | | | | | / | | | | | | / | | | | | / | | |
| 14 | | / | | | | | / | | | | | / | | | | | / | | | |
| 15 | | / | | | | | | | / | | | | | / | | | / | | | |
| 16 | | / | | | | | | / | | | | | / | | | | / | | | |
| 17 | | / | | | | | / | | | | | / | | | | | / | | | |
| 18 | | / | | | | | / | | | | | / | | | | | | / | | |
| 19 | / | | | | | | / | | | | | | / | | | | | | / | |
| 20 | | | | / | | | / | | | | | | / | | | | | / | | |
| Antas | 2 | Personal/ Limita-dong pakikipag-usap | | | | 2 | Personal/ Limita-dong pakikipag-usap | | | | 2 | Personal/ Limita-dong pakikipag-usap | | | | 2 | Personal/ Limitadong pakikipag-usap | | | |

International Multilingual Journal of Science and Technology (IMJST)
ISSN: 2528-9810
Vol. 8 Issue 10, October - 2023

### B. Pagsusuri ng Kasanayang Pagsulat ng mga Mag-aaral

Dalawa ang uri ng pasulat na pagsusulit na ginamit ng mananaliksik: maraming pagpipilian at pasanaysay na pagsusulit. Sa pagtukoy ng antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, isinagawa ng mananaliksik ang pangkasanayang pagsusulit na nasa maraming pagpipiliang anyo sa mga mag-aaral sa Baitang 7-10. Nilayon din nito na lalo pang mapagtibay ang mga kinakailangang tutukan o bigyang pansin sa pagsulat ng mga mag-aaral. Upang mataya ang kasanayan ng pagsulat sa bahaging ito, hinalaw ng mananaliksik ang pormula mula sa DepEd (Item Score Analysis) na ginagamit upang makuha ang masteri ng mga mag-aaral sa bawat aytem na kabilang sa pagsusulit. Ikinakategorya ang sagot na nakuha ng mag-aaral batay sa sumusunod: *Mastered, Closely Approaching Mastery, Moving toward Mastery, Average, Low, Very Low at False*. Sa Baitang 7, nasa deskripsyong *Low* ang mga aytem na nakakuha ng MPS na 20-30. Kabilang dito ang mga kasanayan na: (1) Naisasalaysay ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari;(2) Naisusulat ang isang talata/pahayag na naghihunuha ng isang pangyayari; (3) Naisusulat ang akdang nagsasalaysay na ginagamitan ng mga elemento ng maikling kwento; (4) Nakagagamit ng antas ng wika batay sa pormalidad (balbal, kolokyal…); (5) Nakagagamit ng mga pang-ugnay na ginagamit sa paglalahad; at (6) Nakagagamit ng mga pahayag na nagbibigay patunay. Mayroon naman naitalang dalawang aytem na nagtamo ng pinakamababang MPS at may deskripsyong *Very Low*. Ito ang aytem bilang 24 na Naisusulat ang sariling damdamin na may pagkakatulad sa naging damdamin ng tauhan sa akda at aytem bilang 35 na Nakagagamit ng mga panandang anaporik at kataporik.

Naitala sa Baitang 8 ang mga nasa deskripsyong *Low* ang mga aytem na nakakuha ng MPS na 20-30. Kabilang dito ang mga kasanayan na: (1) Nasusuri ang bugtong, salawikain, sawikain o kasabihan na angkop sa kasalukuyang kalagayan; (2) Nakasusulat ng iba`t ibang paraan ng pagpapahayag na may hudyat ng sanhi at bunga ng pangyayari; (3) Nakagagamit ng eupemistikong pahayag; (4) Nakagagamit ng mga hudyat ng pagsang-ayon at pagsalungat; Nakagagamit ng mga salita nasa iba`t ibang aspekto ng pandiwa; at (5) Nakagagamit ng mga pang-abay na pamanahon at panlunan.

Ang mga naitalang kompetensi sa Baitang 9 na nasa deskripsyong *Low* ay ang mga aytem na nakakuha ng MPS na 20-30. Kabilang dito ang mga kasanayan na: (1) Nakagagamit ng mga ekspresyon sa paglalahad ng katotohanan;(2) Nakagagamit ng matatalinghagang pahayag; (3) Nakagagamit ng mga pang-abay na pamaraan at panlunan at (4) Nakagagamit ng pinasidhing pang-uri. Samantala, ito ang naitala sa Baitang 10 na nasa deskripsyong *Low* ang mga aytem na nakakuha ng MPS na 20-30 na bahagdan. Kabilang dito ang mga kasanayan na: (1) Nasusuri ang damdaming nakapaloob sa binasa; (2) Naitatala ang mga impormasyon tungkol sa isang napapanahong isyu; (3) Nakasusulat ng mga pahayag na ginagamit sa pag-uugnay ng mga pangyayari;(4) Nakagagamit ng pagpapalawak ng mga pangungusap at nakagagamit ng angkop na komunikasyong gramatikal. May isang aytem, bilang 38, ang nakakuha ng deskripsyong *Very Low.* Ito ay may kinalaman sa kasanayang paggamit ng angkop na komunikasyong gramatikal o ang wastong gamit ng salita sa pagpapahayag.

Ang ikalawang bahagi ng pagsusulit ay ang pasanaysay na pagsusulit. Matutunghayan sa talahanayan 3 ang resulta ng pagtataya.

**Talahanayan 3**

*Resulta ng Pagtataya ng Pasanaysay na Pagsusulit ng mga Mag-aaral sa Baitang 7-10*

| Mag-aaral | Baitang 7 | | Baitang 8 | | Baitang 9 | | Baitang 10 | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Iskor | Katumbas | Iskor | Katumbas | Iskor | Katumbas | Iskor | Katumbas |
| 1 | 7 | NPB | 9 | NPB | 12 | DGM | 14 | DGM |
| 2 | 8 | NPB | 11 | DGM | 15 | M | 10 | DGM |
| 3 | 6 | NPB | 7 | NPB | 9 | NPB | 13 | DGM |
| 4 | 6 | NPB | 6 | NPB | 6 | NPB | 10 | DGM |
| 5 | 6 | NPB | 6 | NPB | 7 | NPB | 7 | NPB |
| 6 | 9 | NPB | 6 | NPB | 9 | NPB | 10 | DGM |
| 7 | 6 | NPB | 7 | NPB | 8 | NPB | 6 | NPB |
| 8 | 6 | NPB | 6 | NPB | 7 | NPB | 6 | NPB |
| 9 | 10 | DGM | 15 | M | 16 | M | 13 | DGM |
| 10 | 6 | NPB | 8 | NPB | 8 | NPB | 10 | DGM |
| 11 | 7 | NPB | 6 | NPB | 9 | NPB | 7 | NPB |
| 12 | 9 | NPB | 9 | NPB | 14 | DGM | 11 | DGM |
| 13 | 6 | NPB | 8 | NPB | 8 | NPB | 8 | NPB |
| 14 | 9 | NPB | 6 | NPB | 10 | DGM | 11 | DGM |
| 15 | 11 | DGM | 15 | M | 7 | NPB | 10 | DGM |
| 16 | 14 | DGM | 16 | M | 15 | M | 17 | M |
| 17 | 6 | NPB | 8 | NPB | 9 | NPB | 6 | NPB |
| 18 | 11 | DGM | 10 | DGM | 9 | NPB | 10 | DGM |
| 19 | 8 | NPB | 17 | M | 12 | DGM | 8 | NPB |
| 20 | 6 | NPB | 8 | NPB | 8 | NPB | 6 | NPB |
| | 8 = Nangangailangan ng Pagpapabuti | | 9 = Nangangailangan ng Pagpapabuti | | 10= Di Gaarong Mahusay | | 10= Di-Gaanong Mahusay | |

Ledyenda:N – Napakahusay DGM- Di-gaanong mahusay M- Mahusay NPB- Nangangailangan ng pagpapabuti

Naglalaman ang talahanayan ng antas ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. Ipinapakita nito na: (a) Ang mga mag-aaral sa Baitang 7 ay nakakuha ng kabuuang iskor na 8 na nangangahulugang nangangailangan ng pagpapabuti ang mga mag-aaral sa pagsulat; (b) Ang mga mag-aaral sa Baitang 8 ay nagtamo ng kabuuang iskor na 9 nangangailangan ng pagpapabuti sa pagsulat; (c) Ang mga mag-aaral sa Baitang 9 at 10 ay nagtamo ng kabuuang iskor na 10 na nagpapahayag na di-gaanong mahusay ang mga mag-aaral sa pagsulat; (d) Sa kabuuan, ang mga

ISSN: 2528-9810
Vol. 8 Issue 10, October - 2023

mag-aaral sa Baitang 7-10 ay nangangailangan ng pagpapabuti sa pagsulat ng sanaysay.

**Pagbuo ng Isang Mungkahing Mapa ng Pag-unlad sa Pagkatuto ng Kasanayang Pagsasalita at Pagsulat sa Filipino**

Sa pagbuo ng mapa ng pag-unlad, naging batayan ang sumusunod na teorya: Una na rito ang pananaw ni Hess (2008) na nagsasaad na ang mapa ng pag-unlad ng pagkatuto ay larawan ng tunguhin ng mga mag-aaral na karaniwang sinusunod sa kanilang pagkatuto, naglalarawan ng kakayahan, pag-unawa at kaalaman ayon sa hanay kung paano sila natututo. Sinusugan ito nina Merrit (2008) na inilalarawan ang mapa ng pag-unlad ng pagkatuto na pataas na sopistikadong ideya na nagmula sa pinakapayak patungo sa komplikadong pag-unawa ng konsepto ang pag-unlad ng pagkatuto. Kaya sa binuong mapa, papaunlad o papataas (progression) ang sinunod na modelo ng mga mananaliksik sa paghahanay ng kompetensi mula sa Baitang 7-10. Ang bawat baitang ay naging representasyon ng papataas na kasanayan o pagkatuto. Pinatunayan ito ni Hirsch (2002) na ito ay nakadepende sa pag-uugnay sa dati niyang kaalaman ang kakayahan ng mag-aaral na matuto. Upang maging mabisa ang pagkatuto, kinakailangang may komon at sapat na reperensya o batayang kaalaman ang mga mag-aaral. Dagdag pa ni Stevenson at Stigler (1997) na kung wala o kulang sa paghahanda ng mga kinakailangang komonalidad, hindi uunlad o mabagal ang pag-unlad ng mga mag-aaral. Mahihirapan ang mga gurong maturuan ang mga mag-aaral kung ang ilan sa kanila ay kulang o di sapat ang kinakailangang *building blocks* o batayang kasanayan sa pagkatuto.

Ito ang bumubuo sa mapa ng pag-unlad ng pagkatuto. I- Paunang Salita: Ang bahaging ito ay naglalaman ng paraan ng pagbuo ng mapa ng pag-unlad ng pagkatuto. Nakapaloob din rito ang mga sinandigang awtoridad sa pag-aaral II- Panimula: Nakapaloob sa bahaging ito ang pagbibigay larawan sa mapa. Nakasaad din dito ang layunin, kahalagahan, gampanin at bunga ng mapa para sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral. III- Deskripsyon ng Mapa. Nakasaad dito ang katangian ng mapang binuo at ang nilalaman ng mapa. IV- Nilalaman: Nahahati ito sa apat na aspekto ng kakayahang komunikatibo: linggwistik, sosyolinggwistik, istratedyik at diskorsal. Sa kakayahang linggwistik kabilang ang mga kasanayang lilinangin na may kaugnsayan sa ponolohiya, leksikon, morpolohiya at sintaksis. Ang kakayahang sosyolinggwistik ay naglalahad ng kakayahan ng mga mag-aaral na magsalita o magsulat batay sa iba't ibang sitwasyon o konteksto. Kabilang naman sa kakayahang istratedyik ang mga pamamaraan upang mapanatili ang komunikasyon sa kabila ng kakulangan sa pagpapahayag. At ang huli, ang kakayahang diskorsal na naglalahad ng kakayahang magamit ang wika sa iba't ibang paraan ng pagpapahayag. Dito nabibilang ang kasanayan sa pagsasalaysay, paglalarawan, paglalahad at pangangatwiran.

Ang mga kompetensi na naitala sa mapa ng pag-unlad ng pagkatuto ay ang mga kompetensing nangangailangang mabigyang atensyon ng mga guro upang matiyak ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ito ay mula sa mga natuklasang kompetensi na hindi gaanong nalinang sa mga mag-aaral. Papataas o papaunlad ang hanay ng mga kompetensi mula baitang 7-10. Upang matiyak na malilinang sa mga mag-aaral ang kompetensing ito, naglagay ng mungkahing tiyak na gawain na inilagay sa loob ng kahon ang mga mananaliksik upang matulungan ang guro sa pagtuturo ng kompetensing ito. Ang nabuong mapa ng pag-unlad sa pagkatuto ay makikita sa Apendiks. C.

Pangunahing layunin ng mapa ng pag-unlad sa pagkatuto na maging batayan ito ng pagsubaybay sa pag-unlad ng mga mag-aaral. Lubos na mauunawaan ng mga guro kung paano natuto ang mga ang mga mag-aaral gayundin saang aspekto ang dapat bigyang tuon ng kanyang pagtuturo. Ito rin ang maituturing na ambag ng pananaliksik na ito dahil kahit ang Kagawaran ng Edukasyon ay wala pang ganitong mapa upang maging batayan ng kanilang paghahanay ng mga kompetensi at aralin para sa kurikulum.



## CONCLUSION AND RECOMMENDATIONS

Napatunayan sa pag-aaral na ang mga kompetensi sa kasanayan sa pagsasalita at pagsulat para sa mga mag-aaral mula baitang 7-10 na hango sa Gabay na Kurikulum ng Filipino ay hindi tuwirang lumilinang sa kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sapagkat may mga kasanayan hindi tiyak o hindi malinaw ang kategorya ng kasanayan, may paulit-ulit na mga kasanayan at may layunin ay matutuhan ang porma ng wika lamang at hindi ang gampanin ng wika kung kaya nagiging paimbabaw lamang ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaya, hindi ganap na nalilinang ang apat na aspekto ng kakayahang komunikatibo dahil hindi angkop o nababagay ang inilaang kasanayan para sa isang tiyak na kasanayan gaya ng pagsasalita at pagsulat

Sa pagsusuri sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral lumabas na mababa ang masteri sa pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral gamit ang apat na aspekto/parametro ng kakayahang komunikatibo. Walang naganap na transisyon ng pag-unlad ng mag-aaral sapagkat hindi nila natamo ang mga kinakailangang kasanayan ng isang partikular na baitang. Ang kasanayang ito sana ang magiging tuntungan o pundasyon ng mga-aaral para makasabay o matamo naman ang mga kasanayang ibinibigay ng kasunod na baitang. Kinakailangan ang paglinang ng isang mapa ng pag-unlad ng pagkatuto na tutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagtamo ng mga kasanayan sa pagsasalita at pagsulat. Ito ay mapa na nakaangkla sa apat na aspekto ng kakayahang komunikatibo at tumitiyak sa paglinang ng mga kompetensi na papaunlad o papataas ayon sa baitang/antas na kinabibilangan ng mag-aaral. Sa naging resulta ng pag-aaral na ito, nabuo ng mga mananaliksik ang sumusunod na rekomendasyon: (1) Magkaroon ng pagtataya sa binuong mapa ng pag-unlad ng pagkatuto upang tuluyang magamit ng mga guro sa pagtuturo, (2) Magkaroon ng higit na pokus sa paglinang ng mga kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa sekondarya na ang tuon ay ang mga salik na nakaapekto sa kanila tulad ng relihiyon, komunidad at kultura, (3) Magsagawa ng kaparehong pag-aaral ang mga susunod na mananaliksik na nakatuon naman sa ibang makrong kasanayang pangwika tulad ng pakikinig at pagbasa, (4) Magkaroon ng pag-aaral sa antas ng pagtatamo ng kasanayan sa pagbasa at pag-unawa na mahalagang bahagi ng pagtatamo ng kasanayan sa pagsasalita at pagsulat, (5) Magkaroon ng pag-ebalweyt sa kabuuan ng gabay pangkurikulum sa elementarya at sekondarya sa kasalukuyan upang matiyak ang kaangkupan nito sa kasalukuyang uri ng mga mag-aaral nang sa gayon ay magkaroon ng basehan ang plano ng kurikulum na mabigyang pansin ang mga pangunahing kompetensi na dapat malinang nang higit sa mag-aaral., (6) Makabuo ng polisiya na magdadagdag ng oras sa bawat klase ng Filipino na makapagsalita at makapagsulat ang mga mag-aaral na hiwalay sa itinakdang oras para sa asignatura. Magiging dagdag na yunit ito sa mga guro o bahagi ng yunit na ibibigay sa guro nang sa gayon nagkaroon din sila ng oras upang pagwawasto ng mga gawaing pasalita at pasulat, (7) Magkaroon ng ekstensibo o masusing pagsasanay sa mga magiging guro sa Filipino sa mga Institusyong Pangguro lalong-lalo na sa pagtuturo nila mga makrong kasanayang pangwika partikular ang pagsasalita at pagsulat sa mga mag-aaral at (8) Magiging lubos na malilinang ang mga kasanayang komunikatibo na nasa mapa sa pamamagitan ng pagsasagawa ng kontekstwalisasyon at paggamit sa tunay na diskurso ng buhay.

## ACKNOWLEDGEMENT

Ang pananaliksik na ito ay naisakatuparan bilang bahagi diseratasyon sa graduwadong pag-aaral ng Philippine Normal University sa programang Doctor of Philosophy in Filipino

## REFERENCES

[1] Aydogan, H. at Akbarov, A.A. 2014. The Four Basic Language Skills, Whole Language and Integrated Skills Approach in Mainstream University Classroom in Turkey. Retrieved http://citeseerx.ist.psu.edu/viewdoc/download?doi=10.1.1.838.3067&rep=rep1&type=pdf

[2] Barrot, J. S. 2016. Current Principles in the Teaching of Macroskills. Retrieved from https://www.national-u.edu.ph/wp-content/uploads/2016/08/JSTAR-6_Barrot.pdf

[3] Bowen, G. 2009. Document Analysis as a Qualitative Research Method. Article in Qualitative Research Journal. Retrieved from : https://www.researchgate.net/publication/240807798

[4] Combalicer, L.F. 2016. Best Practices and Problems In The Initial Implementation Of The K+12 Curriculum Among Teachers in Infanta, Quezon: Implications To An Effective Implementation Of Senior High School. .Journal of Education and Social Sciences, Vol. 4, Retrieved from http://jesoc.com/wp-content/uploads/2016/08/Edu-4.pdf

[5] Egot, R. S. 2014. Lakas at Sipat sa Inisyal na Implementasyon ng K12. Nakuha mula sa www.deped.gov.ph

[6] Elo and Kyngas .2008 The Qualitative Content Analysis. JAN Research Methodology https://academic.csuohio.edu/kneuendorf/c63309/ArticlesFromClassMembers/Amy.pdf

[7] Habijan, E. 2017. Sarbey ng Implementasyon ng K-12 na Kurikulum sa Filipino (Sekondarya) Papel na Binasa sa Pagtitipon ng Kaguruan, Lungsod ng Lucena.

[8] Heritage, M. 2008. Learning Progressions: Supporting Instruction and Formative Assessment retrieved from: www.ccsso.org

[9] Hess, K. K. at Kearns, J. 2010. Learning Progression Frameworks Designed for Use with The Common Core State Standards in Mathematics K-12. Retrieved from http://www.nciea.org/publications/Math_LPF_KH 11.pdf

[10] Kobrin, J.L. et.al. 2015. A Framework for Evaluating Learning Progression on Features Related to their Intended Uses. Journal of Research and Practice. Retrieved from https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1118467.pdf

[11] Kurikulum ng Edukasyong Sekondari 2002. Kagawaran ng Edukasyon Kawanihan ng Edukasyong Sekondari. Sangay ng Pagpapaunlad ng Kurikulum

[12] Masters, et.al. 1997. Progress maps. (Part of the Assessment Resource Kit.) Melbourne, Australia: The Australian Council for Educational Research, Ltd., 1-58. NCEO 25 Retrieved from https://eric.ed.gov/?id=ED413339

[13] Underhill, N. 1987. Testing Spoken Language. A Handbook of Oral Testing Techniques. United Kingdom. Cambridge University Press.

[14] Zafra, G. S. 2016 Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). Katipunan: Filipino bilang Disiplina. Nakuha mula sa The Philippine Secondary Schools Learning Competencies (PSSLC) Filipino.